Journal of Asian Societies
ISSN: 2815-1933
Volume 2, Issue No. 1 (April 2023)
www.journalofasiansocieties.com

*Research Article*

# Islogan sa Politika: Kritikal na Pagsusuri sa Wika ng Politika sa Pamumulitika sa Eleksyon 2022

*Political Slogan: A Critical Discourse Analysis of Language of Politics during the 2022 Election*

JUNIOR M. PACOL
*Department of Filipino*
*Central Luzon State University*

**ABSTRAK**

Maingay at makulay ang katatapos na eleksyon sa Pilipinas. Ito rin ang unang eleksyon na naganap sa bansa habang kasalukuyang hinahaharap ng mundo ang pandaigdigang krisis o pandemya. Bahagi na ng eleksyon ang pangangampanya, kaya iba't ibang estratehiya ang ginagawa ng limang nangunang kandidato sa pagkapangulo upang ilahad ang kanilang mga plataporma. Isa na rito ang paggamit ng islogan bilang kanilang pinaikling plataporma o *mantra* na madaling matandaan ng masa. Gamit ang *Critical Discourse Analysis* (CDA) ni Norman Fairclough sisipatin kung paano ginamit ang islogan bilang wika ng politika at pamumulitika sa panahon ng Eleksyon 2022. Batay sa kritikal na pagsusuri sa teksto, proseso, at ugnayang panlipunan ng bawat islogan, napatunayan na may taglay na kapangyarihan ang wika ng politika sa pamumulitika dahil taglay nito ang pwersa na kanilang kasangkapan upang makontrol ang panlipunang kamalayan ng bawat indibidwal. May malaki ring gampanin ang islogan sa panganganpamya. Nagbibigay ito ng lalim sa pangingilatis sa karapat-dapat na lider na susuportahan. Ang pag-iral ng bawat salitang ginamit sa islogan ay kalalip ang kanilang personal na karanasan, aspektong pulitikal, kaligirang sosyo-historikal, at ugnayan sa suliraning panlipunan. Mababakas din kung paano nila inilalantad at itinatago ang kanilang mga argumentong personal at pulitikal. Pandemya, korapsyon, kahirapan, at sistemang pang-edukasyon ang siyang naging tema ng bawat

islogan. Testamento ito na may pamumulitikang nagaganap sa wika ng bawat politika.

***Mga Susing Salita*****:** critical discourse analysis**,** islogan, kapangyarihan, politika, wika

## *ABSTRACT*

*The 2022 National Elections is yet again another colorful, and recently the most talked-about event in the Philippines. It is the only election seized while the world faces a global crisis - the COVID-19 pandemic. Campaigns play a significant part in every election, which connotes various strategies that demonstrate the five most sought-after presidentiables' platforms and advocacies. In this case, they used slogans, usually catchy and easily understood by the public, as a brief introduction to their platforms or mantras. This study employed Norman Fairclough's Critical Discourse Analysis (CDA) to investigate slogans during the 2022 national elections as a political discourse. Based on the critical analysis of the text, process, and social relativity of every slogan, political discourse is influential. It controls and dictates individuals and social awareness. Moreover, slogan provides the public an in-depth scrutiny of who to choose as leaders to be supported. It also reflects aspiring leaders' experiences, political, and socio-historical connections to social issues. Consequently, it reveals and conceals their personal and political arguments. Pandemic, corruption, poverty, and education system are the main themes that prevailed in every slogan. This is just proof that hustings transpire in political discourse.*

***Keywords****: critical discourse analysis, language, politics, power, slogan*

## INTRODUKSYON

Bilang isang demokratiko at republikang bansa, nasa mga mamamayan ng Pilipinas ang kapangyarihan at nagmumula sa mga ito ang buong pamunuan ng pamahalaan (Art. 2, sek. 1, 1987 Konstitusyon). Nasa kanilang mga kamay rin kung sino ang mamumuno sa bansa sa loob ng tatlo hanggang anim na taon. Kaya ang pakikisangkot at pagkilos sa usaping politikal ay sadyang mahalaga sa pagpapaunlad ng bansa dahil pantay sa harap ng batas ang lahat ng mamamayang Pilipino.

Naganap ang unang pormal eleksyon sa Pilipinas noong Setyembre 1935 at kamakailan lamang ay naging maingay at makulay ang lokal at nasyonal na eleksyon na ginanap noong Mayo 9, 2022. Ito rin ang unang eleksyon sa bansa habang patuloy na kinakaharap ng mundo ang pandaigdigang krisis o pandemya.

Sa katatapos na eleksyon, nagtipon ang bawat pangkat at may magkakaibang kulay ang isinisigaw. Ngunit iisa ang mithiin ng lahat, at ito ang makabangon ang bansa sa pagkakadapa dulot ng pandemya at kahirapan. Mahalaga ang bawat boto, may kakayahan itong magtalaga nang mahusay na pinuno at mabago ang uri ng pamahalaang umiiral sa bansa. Karapatan ng bawat isa na bumoto at pumili ng susuportahan na lider ng bansa batay sa kanilang pangingilatis at preperensya. Batay nga sa isinagawang sarbey ng Ateneo School of Government o BOSES Pilipinas (2022), lider na matapat, matalino, may kakayahang mamuno, at magbigay ng pag-asa sa buhay ng bawat Pilipino ang ninanais ng mga mamamayan para sa susunod na mamumuno sa bansa.

Bahagi ng eleksyon ang pangangampanya, at isa itong gawaing lubos na magpapakilala sa mga kandidato. Ito ang panahon ng mga kandidato na magpakitang gilas at makuha ang suporta ng bawat botante. Sa pangangampanya, ipinahahayag ng mga kumakandidato ang kani-kanilang mga plataporma para sa bansa. Sa katatapos na halalan, sinimulan ang pangangampanya noong Pebrero 8 at nagtapos noong Mayo 7 para sa lahat ng tumatakbo sa mga pambansang posisyon sa Eleksyon 2022.

Matingkad ang mga kulay, maraming mga poster ang makikita sapaligid, maririnig ang iba't ibang *jingle*, makapanonood ng *campaign/political advertisement*, mga interbyu, debate, at ang nauso ngayong eleksyon ay mga *grand rallies* na ang ugat ng lahat ay kanilang mga hangarin sa bayan. Lahat ng iba't ibang uri o estratehiya ng pangangampanya ay makikita na rin sa *social media*.

Bahagi ng pangangampanya ng mga kumakandidato ang pagkakaroon ng islogan bilang kanilang *mantra* o pinaikling adbokasiya na madaling tandaan ng masa. Batay sa resulta ng pag-aaral ni Steverson (2010), kadalasang madaling tandaan at nakapanghihikayat ng maraming tao ang mga ginagamit na islogan ng mga politiko. Sinusugan naman ng pag-aaral ni Rowie (2010) na susi ang matalinong islogan sa tagumpay na hinagangad ng mga politiko. Kinukondisyon ng mga islogan ang kolektibong pag-iisip ng mga mamamayan ng bansa. Bahagyang hinuhubog nito ang kilos at salita na siyang kumakatawan sa pag-asa at mga pangarap para sa sarili at para sa bansa (Bolaňos, 2010). Nakatuon ang kanilang mga islogan sa pambansang isyu tulad ng kahirapan, korapsyon, pandemya, at iba pang mga isyung sosyolohikal at politikal na nararanasan ng mga mamamayan.

Mabilis na naibabahagi ang mga impormasyon saan man panig ng bansa at ng mundo sa panahon ng *digital media*. Ito na ang makabagong daluyan upang maiparating sa mga Pilipino, saan man sila naroroon, ang mga nais ipabatid ng mga kandidato. Isa rin ito sa may pinakamalaking gampanin sa pangangampanya ngayon dahil na rin karamihan ng mga Pilipino ay naniniwala at nagtitiwala sa *social media* dulot na rin ng limatadong pagtitipon sanhi ng pandemya (Arugay, 2022). Batay sa mga eksperto sa politika, ang mga plataporma sa *social media* tulad ng Facebook, Twitter, at iba pa ay hindi instrumento para sa pamumulitika. Ngunit ayon kay Borah (2016), dahil sa di matatawarang pag-unlad ng teknolohiya, marami ang

nakapansing may malaking potensyal ang *social media* para sa mobilisasyon ng politika.

Gamit ang *social media account* ng mga taga-suporta ng bawat kandidato, binabahagi nila ang kanilang mga nalalaman at opinyon sa publiko upang matulungan ang mga indibidwal na hindi pa tiyak kung sino ang kanilang susuportahan. Ang *online* na pangangampanya sa mga kandidato tuwing eleksyon ay isang halimbawa ng kliktibismo[1], kung saan aktibo ang mga mamamayan sa pagpapahayag ng kanilang politikal at panlipunang saloobin (Mendoza, 2016). Sa pag-iral ng usaping midya, hindi mawawala rito ang mga paksa hinggil sa pag-usbong at paglipana ng *fake news* na maaaring magdulot ng kapahamakan sa publiko at magpaikot sa mga pananaw ng mga tao. Kinakailangang maging mapanuri at maghanap ng mga lehitimong batis na may matibay na batayan para sa mga mensahe at impormasyong nababasa, napakikinggan, at napanonood.

May malaking gampanin ang wika sa pamumulitika, kaya tuon ng pag-aaral na ito na masuri ang mga islogan na ginamit ng limang nangunang kandidato sa katatapos na eleksyon gamit ang *Critical Discourse Analysis* (CDA) ni Norman Fairclough. Napapanahon ang pag-aaral ng gamit ng wika sa pamumulitika. Taglay nito ang mensahe ng diskurso na magbibigay ng imahen ng tao sa lipunan dahil naniniwala si Van Dijk na hindi sapat na ilarawan ang anyo ng mundo, kailangang pakilusin ang mga salita upang baguhin ang mundo. Layunin ng CDA na bigyang buhay sa lipunan ang mga islogan na ginamit nina Bongbong Marcos (Sama-sama Tayong Babangong Muli), Leni Robredo (Sa Gobyernong Tapat, Angat Buhay Lahat!), Manny Pacquiao (*For God and Country*: Panalo ang Mahirap. Panalo ang Pilipino), Isko Moreno (Tayo si Isko!), at Ping Lacson (*We Have a Leader!).*

## Suliranin ng Pag-aaral

Sa katatapos na Eleksyon 2022, patuloy pa ring pinag-uusapan ang politika sa bansa. Hanggang sa kasalukuyan, laman pa rin ito ng mga balita sa dyaryo, radyo, telebisyon, Facebook, at Twitter o tinatawag din *mass media*. Dagdag pa, ang masa ay patuloy pa rin nakikiisa gamit ang kanilang mga *social media account* upang ihayag ang kanilang saloobin sa katatapos na eleksyon. Kaya tuon ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

## Pangkalahatang Suliranin

Paano ginamit ang islogan bilang wika ng politika at pamumulitika?

## Tiyak na Suliranin ng Pag-aaral

1. Paano ginagamit ang islogan bilang simbolikong kapangyarihan ng politika?

2. Ano-ano ang mga argumentong personal at pulitikal na makukuha sa mga umiiral sa bawat islogan na:

2.1. Ano ang naging papel ng islogan sa pangangampanya ni Bongbong Marcos upang manumbalik ang kapangyarihan ng kanilang angkan?

2.2. Paano naging magkaugnay ang islogan nina Leni Robredo at dating Pangulong PNoy?

2.3. Paano pinatunayan ng islogan ni Manny Pacquiao na may matibay na relasyon ang pananampalataya at pagpapaunlad ng bayan gayundin ang pag-asa ng mahihirap ay lider na galing sa hirap?

2.4. Paano nagamit ni Isko Moreno ang *populist political stance* bilang kanyang estratehiya sa pangangampanya na dahilan upang bansagan siyang “Duterte Lite” o “Duterte 2.0”?


2.5 Bakit sinasabi ng islogan ni Ping Lacson na siya ang pinakakwalipikadong kandidato na may *authoritarian leadership?*

3. Ano ang implikasyon ng islogan sa sosyo-historikal at sosyo-politikal na konteksto?

## Saklaw at Delimitasyon

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga kumakandidato sa pagkapangulo ng Pilipinas sa Eleksyon 2022. Tanging ang limang islogan ng mga nanguna sa katatapos na eleksyon ang susuriin ng mga datos. Gamit ang kanilang islogan sa pangangampanya, susuriin ang teksto, proseso, at kalagayang panlipunan gamit ang lente ng teoryang *Critical Discourse Analysis* (CDA) ni Norman Fairclough. Bahagi ng pagsusuri ang kanilang mga wika at diskurso, magsisilbing primaryang batis ang kanilang mga debate sa PiliPinas: Comelec Presidential Debate 2022, Comelec 2$^{nd}$ Presidential Debate, CNN Philippines 2022 Presidential Debate, SMNI Presidential Debate 2022 at sekondaryang batis ang kanilang mga *political advertisement*.

**Journal of Asian Societies**
Volume 2 Issue No. 1 (April 2023)
ISSN: 2815-1933




Pigura 1. Kuha mula sa balita ng *Rappler*, Mayo 25, 2022

## Teoretikal na Batayan

Ang teoryang *Critical Discourse Analysis* o CDA ni Normal Fairclough ay ang pag-aaral sa ugnayan ng wika, kapangyarihan, at ideolohiya. Sa nasabing teorya, nakapaloob dito ang tatluhang dimensyon, (1) pagsusuri sa teksto o *text analysis*, (2) pagsusuri sa proseso o *process analysis*, at (3) pagsusuri sa implikasyon sa lipunan o *social analysis.* Tuon ng teoryang ito ang pag-aaral ng wika bilang instrumento at implikasyon nito sa lipunan.

Unang sumibol ang teoryang ito noong 1900's sa isang panayam o lektura sa Amsterdam. Mula sa tulong ng University of Amsterdam naglaan ng dalawang araw sina Teun Van Dijk, Norman Fairclough, Gunther Kress, Theo Van Leeuwen at Ruth Wodak upang talakayin ang teorya at ang mga metodo ng CDA na hanggang sa kasalukuyan ay mahalaga ito pagdating sa pagsusuri ng konteksto ng wika bilang kasanayang panlipunan.


Sa pag-aaral na ito, ginamit ang teoryang CDA sa pamamagitan ng pagsusuri sa paraan ng paggamit ng islogan bilang wika ng pamumulitka o pagkakaroon ng kapangyarihan, kaugnayan nito sa identidad ng isang indibidwal, at relasyon ito sa kontekstong panlipunan. Makikita rin ang pagkakaiba ng islogan batay sa semantikong relasyon sa pagitan ng mga salita.

Naging mainit na usapin ang katatapos ng eleksyon sa bansa at ang paraan ng mga kandidato sa pangangampanya sa publiko. Nguni tuon lamang ng pag-aaral na ito ang mga islogan ng limang kandidato sa naguna sa eleksyon 2022.

**Journal of Asian Societies**
Volume 2 Issue No. 1 (April 2023)
ISSN: 2815-1933

Nakatulong ang CDA at ang tatlong dimensyon ni Fairclough sa pagpapalalim ng pag-aaral at pagpapalitaw kung paano ginamit ang wika bilang instrumento ng pamumulitika.

**Konseptwal na Balangkas**




Pigura 2. Konseptwal na Balangkas

**Journal of Asian Societies**
Volume 2 Issue No. 1 (April 2023)
ISSN: 2815-1933

## METODOLOHIYA

### Pagsusuri sa Teksto o *Text Analysis*

Unang bahagi sa pagsusuri gamit ang CDA ay ang pagsusuri sa teksto o *text analysis.* Sa bahaging ito, sinipat ang mga salitang ginamit, istruktura, tema, at tono sa islogan ng limang kandidato.

### Pagsusuri sa Proseso o *Process Analysis*

Matapos na masuri ang nilalaman ng teksto, sa bahaging ito sinipat ang interpretasyon sa mga islogan ng limang kandidato, mga kontekstong nakapaloob sa kanilang mga islogan, panahon kung kailan ipinahayag, impluwensya at salik sa pagkakabuo ng slogan.

### Pagsusuri sa Kalagayang Panlipunan o *Social Analysis*

Ang huling bahagi ng teoryang *critical discourse analysis* ay ang pagsusuri sa kalagayang panlipunan o *social analysis*. Tinalakay sa bahaging ito ang implikasyon sa lipunan ng kanilang mga islogan, kasama rin dito ang sosyo-historikal na kontekstong panlipunan.

### Triyanggulasyon ng mga Datos




Pigura 3. Triyanggulasyon ng mga Datos

Gamit ang *data triangulation*, iuugnay ang iba't ibang mga datos upang matuklasan ang mga suliranin ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng interpretasyon ng mga datos. Ang pamamaraang ito ay angkop sa pagsasagawa ng balidasyon ng mga datos para sa mas mapagkakatiwalaang resulta (Lauri, 2011). Gumamit din ng *thematic analysis* sapagkat palilitawin nito ang tema o ideyang nakapaloob sa mga teksto. Mula sa mga nabanggit na mga pamamaraan, may malaking ambag ang paglapat ng mas malalim na lente sa pagsusuri sa lipunan sa pamamagitan ng teoryang *critical discourse analysis*.

### Paglalahad ng mga Datos Batay sa Lente ng *Critical Discourse Analysis* (CDA)

**Talahanayan 1. "Sama-Sama Tayong Babangong Muli!" ni Bongbong Marcos**

| **Salita** | **Teksto** (Paano nabuo, etimolohiya, kahulugan o pagdadalumat ng salita) | **Proseso** (Paano ginamit/ Interpretasyon) | **Ugnayang Panlipunan** (Paano nagkaroon ng Ugnayang Panlipunan/ Isyung Panlipunan) |
|---|---|---|---|
| **Sama-sama** | Nagkakaiba ang kahulugan batay sa paraan bigkas:<br>a. samá - pakikilahok sa isang gawain<br>b. samâ - anumang mali, hindi kanais-nais o nagdudulot ng pinsala<br>Pagbabaligtad ng pantig na "sama" para makabuo ng bagong salitang "masa" o nangangahulugang taumabayam. | *Unity* o pagkakaisa ang naging salalayan ng pangangampanya ni BBM. Ginamit din ng kaniyang partido ang pagkakaisa ng iba't ibang partidong politikal o Uniteam. | Sa pandemyang kinahaharap ng bansa, nakikita ng mga Pilipino na mahalaga ang pagkakaisa para makabangon sa krisis na ito. Pakikiisa sa pagsunod sa mga health protocols at magkaisa sa pagtutulungan.<br>Sumasalamin ang pagkakaisa sa kulturang Pilipino na *bayanihan*. |
| **Tayo** | Nagkakaiba ang kahulugan batay | Ginamit ang salitang "tayo" bilang | Madalas na marinig ang salitang "tayo" |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | sa paraan ng pagbigkas:<br>a. táyo - panghalip panao na ginagamit ng higit sa isang tao ang nagsasalita o sumusulat<br>b. tayô - tuwid na ayos ng katawan na parehong ginamit ni BBM. | panghihikayat sa iba pang miyembro na makiisa sa grupo at pagsangkot sa sarili bilang bahagi ng mamamayang Pilipino. At pagtayo ng pangalan Marcos sa kabila ng mga batikos na ibinabato sa kanilang pamilya. | sa mga talumpati o diskurso ng mga kandidato bilang paraan ng kanilang pamumulitika. Nagbibigay ito ng kapangyarihan na makuha ang loob ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagsangkot sa sarili isa sa kanila. |
| **Babangon** | Ang salitang bangon ay nangangahulugang kilos mula sa pagkakahiga o pagtulog. | Inakma sa pandaigdigang krisis o pandemya ang pagpili ng salitang babangon sa islogan ni BBM na kaugnay rin nito pagbangon sa kahirapan ng bansa. | Sa pagkakadapa ng sa pandemya ang tinuhog ng salitang babangon. Isa itong estratehiya upang makuha ang simpatya ng taumbayan dahil lubos na naapektuhan ng pandemya ang buhay ng bawat Pilipino. |
| **Muli** | Ang salitang muli ay nangangahulugang pag-ulit o minsan pa. | Ito ang muling pagtakbo ni BBM sa mataas na posisyon sa bansa. Noong nakakaraang Eleksyon 2016 ay tumakbo si BBM sa posisyon na Bise Presidente ngunit nabigo siyang manalo laban kay VP Leni Robredo. Kaya ngayon ay muli siyang tumakbo sa mas mataas na posisyon, ito ay ang pagkapangulo na muli | Mababakas sa kasaysayan na ang ama ni BBM na si Ferdinand Marcos, Sr. ay dating naging pangulo ng Pilipinas. Kilala rin siya bilang isang diktador. Kaya naman ang salitang muli ay maiiugnay sa pagbabalik ng pangalan o kapangyarihang Marcos sa bansa. Ito ang muling |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | niyang makatatapat si VP Leni Robredo. | pamumuno ng Marcos. |
| **Babangong Muli** | Pagkakabuo ng akronim na inisyal na pangalan ni Bongbong Marcos na BBM mula sa pariralang BaBangong Muli (BBM). | Pagbibigay ng pag-asa sa muling pagbangon ng bansa sa krisis na dulot ng pandemya. | Nagkakaugnay ang Babangong Muli ni BBM sa islogan na "Progresibong Bukas" ng kaniyang ama na si dating pangulong Ferdinand Marcos, Sr. Ito ay ang pagbibigay ng pangako sa taumbayan ng bago at magandang buhay bukas. |

Pagkakaisa ang naging unang layunin ni Bongbong Marcos (BBM) na mababakas sa kaniyang islogan na "Sama Sama Tayong Babangong Muli!" dahil alam nila na mahalaga ang pagkakaisa sa buhay ng bawat Pilipino sanhi na rin pandemya, ito ay batay nga sa pakikipanayam ng CNN Philippines sa isang *political consultant* na si Greg Garcia. Ang pagkakaisa o *unity* ay nagsilbi ring tagline ng grupo na UniTeam. Binubuo ang UniTeam ng iba't ibang politikal na partido sa bansa, tulad ng Hugpong ng Pagbabago (HNP), Lakas-Chirstian Muslim Democrats (LAKAS-CMD), Partido Federal ng Pilipinas (PFP), at Pwersa ng Masang Pilipino (PMP).

Kung babaligtarin ang pantig ng salitang "sama" makabubuo ito ng salitang "masa" na siyang target sa kaniyang pangangampanya na batay na rin sa kaniyang naging debate sa SMNI. Ayon sa pag-aaral nina Gime at Macascas (2020) sa pag-aaral ng wika ng GenZ, ang pagbabaligtad ng mga pantig ay matagal nang mababakas sa panahon ni Gregorio Del Pilar na gumamit siya ng sagisag panulat na Plaridel at gayundin sa sagisag panulat ng pambansang alagad ng sining na si Virgilio Almario na Rio Alma. Muling nanumbalik sa bansa ang pagbabaligtad ng pantig mula sa ISKOnaryo ni Manila Mayor Isko Moreno na siya namang ginamit din ng mga GenZ upang maitago ang kahulugan at maipakita ang pagiging malikahain.

Ang salitang "tayo" ay nangangahulugang sama-samang masa na kabahagi siya (BBM) upang maidikit ang huling parirala na "Babangong Muli" na kabilang sa mga salita ang akronim ng kaniyang pangalan na BBM na ginamit niyang moniker sa pangangampanya. Ang panghalip na tayo ay paraan ng panghihikayat na makiisa sa grupo (Gime & Macascas, 2017).

Sa panahon ng pandemya, malakas ang dating ng salitang "babangon" sapagkat sa mga talumpati ni BBM nababanggit nya ang muling pagbangon ng bansa kung saan halos lahat ay pinadapa ng pandemya. Ayon sa kaniyang talumpati sa SMNI Presidential Debate 2022, ang susi sa muling pagbangon sa ekonomiya ng bansa ay pagkakaisa, pagbibigay ng trabaho, pagpapahalaga sa larangan ng agrikultura, at pagpapalakas sa Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs).

Huli, gumamit siya ng salitang "muli" na naghahayag ng muling panunumbalik ng Marcos sa pamumuno sa bansa. Batay sa kanyang pahayag sa debate sa SMNI (2022), nabanggit niya ang magagandang nagawa ng kanyang ama na si dating Pangulong Ferdinand Marcos, Sr. Ang salitang muli rin ay pagbalik sa sama-sama o pagkakaisa ng mga Pilipino at muling pagbangon ng bansa sa kahirapan at pandemya.

Ang wika ay laging nakaugnay sa buhay, ayon kay Lumbera (2003) na parang hininga ang wika, saan man tayo naroon ay nariyan ito kaya ang bawat salita sa islogan ni BBM ay may kaugnayan sa kaniyang sarili na nasasalamin sa buhay ng pamilyang Marcos. Dagdag pa ang malakas na pwersa ng pandemya ay siyang nagbigay kahulugan sa islogan ni BBM.

**Talahanayan 2. "Sa Gobyernong Tapat, Angat Buhay Lahat!" ni VP Leni Robredo**

| **Salita** | **Teksto** (Paano nabuo, etimolohiya, kahulugan o pagdadalumat ng salita) | **Proseso** (Paano ginamit/ Interpretasyon) | **Ugnayang Panlipunan** (Paano nagkaroon ng Ugnayang Panlipunan/ Isyung Panlipunan) |
|---|---|---|---|
| **Gobyerno** | Tumutukoy sa pamahalaan. | Ang gobyerno na pinatutungkulan sa islogan ni VP Leni ay ang lahat ng sangay ng pamahalaan sa bansa. Ang gobyerno ang may malaking gampanin sa kapakanan ng bansa at taumbayan. | Naging mainit na isyu ang usaping korapsyon sa loob at labas ng pamahalaan nang maraming taon. Ito ang nakikita ng kampo ni VP Leni na kailangang unang bigyang pansin dahil ito ay matagal ng isyung panlipunan. |
| **Tapat** | May dalawang kahulugan ang tapat: | Ginamit ni VP Leni ang tapat bilang isang gobyernong walang daya o pagkukunwari, hindi nagsisinungaling, | Ang opisina ni VP Leni ay kinilala ng Commission on Audit (COA) bilang may pinakamataas na audit rating. Dito lumalabas ang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | a. harap o kaharap;<br>b. pagsasabi ng tahas o katotohanan.<br><br>Sa pamamagitan ng paglalaro ng letra ng salita o pagbabaliktad ng salita ay ang tapat ay tapat pa rin ang kalalabasan. | hindi magnanakaw, may malinis na pamamahala at tapat sa simumpaang tungkulin at taumbayan. | madalas niyang nababanggit na kailangan ay may resibo o nangangahulugan lamang ng pagiging *transparent* sa mga transaksyon sa gobyerno. |
| **Angat** | May dalawang kahulugan ang salitang angat:<br>a. angát - sa katagalugan ang angat ay nangangahulugang pagbubukas pataas ng isang bagay o pagtaas nang bahagya mula sa kinalalagyan.<br>b. ángat - sa Waray ang angat ay nangangahulugang laban. | Ginamit ang angat bilang paraan ng pagpapangako sa taumbayan ng masaganang buhay, pagbibigay pansin sa kakulangan ng trabaho sa pamamagitan ng paglaban sa korapsyon. | Ang katagang “Angat Buhay” ay ang pangalan ng programa ng tanggapan ni VP Leni habang siya ay nanunungkulan bilang Bise Presidente ng bansa. Sa krisis na dulot ng pandemya ang mga buhay ng bawat tao ay naapektuhan. Marami ang nawalanan ng trabaho, kaya naman umaasa ang karamihan na ang susunod na mamumuno sa bansa ay kaya silang i-angat sa buhay. |
| **Buhay** | May pagkakaiba sa kahulugan ang paraan ng pagbigkas ng salitang buhay:<br>a. bûhay - ayos o gawi ng tao; kalagayan, anyo o katayuan ng tao<br>b. buháy - may buhay; patuloy ang pag-iral | Nag-iisa si VP Leni na babae sa tumakbo sa pagkapangulo. Pinatutungkulan ng buhay ay ang kalagayan o anyo ng buhay ng bawat Pilipino. Ginamit din ang buhay sa bahay na kung si nanay ay isang multirole na si VP Leni ang tumatayong ina. | Mababakas sa programa ni VP Leni na Angat Buhay Foundation ang iba’t ibang dapat tugunan para maging maayos ang buhay ng bawat Pilipino. Ito ay ang mga sumusunod:<br>1. Food Security and Nutrition;<br>2. Housing Resettlement; |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Mabubuo rin mula sa salitang buhay ay "uhay" o nangangahulugang tangkay na kinaroonan ng mga butil ng palay. | | 3. Public Education;<br>4. Rural Development;<br>5. Universal Healthcare; at<br>6. Women Empowerment |
| **Lahat** | Walang maiiwan o iiwanan. Kasama o kabahagi ang lahat. | Ginamit ang lahat bilang isang gobyernong abot-kamay. Isang gobyernong hindi mahairap lapitan. Inugnay rin dito ang ang pagiging kasama o kakampi na sa pangangampanya ni VP Leni ito ay naging kamkampink. | *Inclusivity* o kasama ang lahat, ano man antas ng buhay, kasarian, kulay ay kabahagi sa iisang hangarin. Ang lahat ay nangangahulugang kolektibong paraan ng pagtutulungan ng iba't ibang ahensiya ito man ay pampubliko o pribado upang lahat ay maiangat sa laylayan. |

Sa islogan ni Leni Robredo na "Sa Gobyernong Tapat, Angat Buhay Lahat!" mapapansin na ito ay mayroong sukat na aanimin o ang pagpapantig ay may bilang na anim at mayroon din itong tugma. Sa artikulo ni Coroza (2006) tinalakay niya ang kahalagan ng sukat at tugma sa isang tula na nakadaragdag ito ng rikit upang sa pagbabasa nito ay maging kaakit-akit. Kawiwiling basahin at madaling matandaan ng mga mambabasa ang mga tulang may sukat at tugma. ay Nakadaragdag din ito sa sining pagbuo ng isang islogan at impluwensya sa mensahe nito.

Baligtarin man ang salitang "tapat" ay "tapat" pa rin ang salitang mabubuo, at batay na rin sa *track record* ni VP Leni Robredo malinaw na naipapakita ang patunay o ang pagiging *transparent* ng mga transaksyong ginagawa ng kanyang opisina. Kinilala rin ng Commission on Audit (COA) ang tanggapan ng Bise Presidente bilang may pinakamataas na *audit rating* sa loob ng tatlong sunod-sunod na taon. Batay na rin sa kaniyang talumpati sa CNN Presidential Debate, mariin niyang binanggit na ang kanyang unang gagawin kung sakaling palarin at maupo bilang Pangulo ng bansa ay ang paglalabas ng lahat ng *anti-corruption measure*d tulad ng *Measures of Transparency*, *Full Disclosure Law (1st Bill), Freedom of Information Law, Accountability Measures, at People Empowerment Measure* sa lahat ng ahensya ng gobyerno. Dagdag pa niya na ito ang pinakamahalaga para mabawasan ang korapsyon sa bansa. Ito ay upang masigurong maaaring makita ng mga mamamayan ang ginagawang transaksyon ng lahat ng opisina ng Ehekutibo. Isa rin

sa mga programa ng opisina ni VP Leni ang Angat Buhay bilang tugon o laban sa kahirapan na dinadanas ng bansa.

Nagamit din ni Leni Robredo ang kaniyang pagiging tapat sa serbisyong sinumpaan, kaniyang mga anak, tapat na asawa, at ang pagiging tapat ng kaniyang yumaong maybahay na ang dating kalihim ng DILG, Jesse Robredo. Mula sa pahayag ni Bayang Barrios (2021) si VP Leni makikita mo sa kanya ang *sense of urgency*, parang isang Ina na kung may makita o maramdamang may sakit o problema sa bahay ay kaagad itong kikilos para matugunan ang problema o malunasan ang may sakit. Isang babae na may dignidad at integridad.

Sa pagsipat sa tema at tono ng islogan ni Leni Robredo, mapapansin na may pagkakaugnay ito sa islogan ng dating Pangulong PNoy. Parehong sanhi at bunga ang paraan ng pagkakabuo ng kanilang islogan at pareho rin itong may sukat at tugma. Katumbas ng "Sa Gobyerong Tapat" ni Leni Robredo ang "Kung Walang Corrupt" ni PNoy na nagsisilbing sanhi at ang "Angat Buhay Lahat" ay katumbas naman ng "Walang Mahirap" na siyang bunga ng unang parirala na nagpapabatid sa masa na ang dahilan ng kahirapan ay korapsyon at kung walang magnanakaw sa kawani ng gobyerno ay uunlad ang buhay sa bansa. Isa rin sa mga salik ng pagkakahawig ng kanilang islogan ay nagmula o naging kapartido ni VP Leni ang dating Pangulong PNoy na pareho silang nanggaling sa Liberal Party na iisa ang prinsipyo. Ngunit sa katatapos na eleksyon si VP Leni ay tumakbo bilang independiente.

**Talahanayan 3. "For God and Country: Panalo ang Mahirap. Panalo ang Pilipino." ni Senator Manny Pacquiao**

| **Salita** | **Teksto**<br>(Paano nabuo, etimolohiya, kahulugan o pagdadalumat ng salita) | **Proseso**<br>(Paano ginamit/ Interpretasyon) | **Ugnayang Panlipunan**<br>(Paano nagkaroon ng Ugnayang Panlipunan/ Isyung Panlipunan) |
|---|---|---|---|
| **God** *(Diyos)* | Sa pananampalatayang Kristiyano, ang pinakamataas na bathala at manlilikha ng sanlibutan pati ng mga hayop, halaman, at tao sa daigdig; pinakamakapangyarihan at maalam sa lahat | Nasasalamin sa islogan ni Manny Pacquiao ang kaniyang pagiging maka-Diyos. Lagi niyang inaalay sa Diyos ang kaniyang mga ginagawa at naniniwala siya na may kakayahan ang Diyos na mailigtas ang bayan sa pamamagitan niya at kailangan ng lider na may takot sa Diyos | Nais niyang patunayan na may relasyon ang simbahan at pamahalaan na kahit nakasaad sa konstitusyon na ito ay kailangang paghiwalayin sapagkat may mga prinsipyo ang bawat isa na hindi dapat labagin o respetuhin. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | para matapos ang korapsyon. | |
| **Country** *(bansa)* | Tumutukoy ang bansa sa komunidad ng mga mamamayan na may iisang lahi, kasaysayan, wika, kultura, at pamahalaan. | Ginamit ni Manny Pacquiao ang bansa at idinikit niya ito sa kaniyang pagiging maka-Diyos. Ang pagiging maka-Diyos at maka-bansa ay isang katangian na dapat taglayin ng isang Pilipino.<br><br>Kaniya rin inaalay ang kaniyang panunungkulan para sa bansa na maididikit din sa kaniyang prinsipyo kapag siya ay nakikipaglaban sa *boxing*. | Maraming beses ng naipagtanggol ni Manny Pacquiao ang bansa sa larangan ng boxing. |
| **Panalo** | May dalawang kahulugan ang salitang panalo batay sa paraan ng pagbigkas:<br><br>a. panálo - tumutkoy sa tagumpay o pagwawagi sa laro, paligsahan, sugal, at iba pa<br><br>b. panaló - tumutukoy sa anumang ginagamit sa pagsalo. Ginagamit din ito upang hindi mahulog ang isang bagay. | Gusto ni Manny Pacquiao na mahihirap naman ang manalo sa bansa. Bilang siya ay nakaranas ng manalo sa larangan ng *boxing* ay nais niyang bitbitin itong karanasan ito na maramanasan din ng bawat Pilipino. | Ang salitang panalo ay hindi bago kay Manny Pacquiao, dahil sa kaniyang karanasan sa *boxing* na ilang beses niyang naipanalo ang laban hanggang sa internasyonal na arena.<br><br>Nakapasok din ang pakikipaglaban ng bansa sa pandemya at maging agawan ng teritoryo. |
| **Mahirap** | Ang mahirap ay nangangahulugang puno ng hirap, mabigat na gawain o dukha. | Ginamit ni Manny Pacquiao ang salitang mahirap sa pamamagitan ng | Lider na mahirap para sa mahirap. Kahirapan ang naging sandigan ni Manny Pacquiao sa katagang ito. Nakikita niya na kahirapan ang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | kaniyang karanasan sa buhay. | isa sa dapat na bigyang pansin. Isa sa kaniyang plataporma ay pagpapalakas ng sistema ng edukasyon<br><br>Sa bansa gayundin ang pagsuporta sa mga programa ng TESDA na humuhubog ng kasanayan sa bawat indibiwal. Dahil ginawa niyang halimbawa ang kaniyang sarili na hindi nakapag-aral ngunit sa pamamagitan ng ALS at ibang pang programa sa edukasyon ay natapos niya ang kaniyang pag-aaral. Ayon sa kanya ay hindi pa huli ang lahat para sa taong may pangarap. |
| **Panalo** | Pag-uulit ng salitang panalo ay isang halimabawa ng paggamit ng tayutay na anapora. | Naulit ang paggamit ng “panalo” sa islogan ni Manny Pacquiao. Na mariin niyang ipababatid na sa kaniyang pamamahala o pamumuno ay kaniyang ipapanalo ang buhay ng bawat Pilipino. | Sumasalamin ang pag-uulit ng salitang panalo sa kaniyang karanasan sa isports na *boxing*. Naranasan niyang manalo at matalo ngunit kahit siya ay natatalo sa laban ay patuloy siyang sumusubok upang maipanalo ang laban. |
| **Pilipino** | Ang Pilipino ay dating tawag sa wika ng bansa, na siya naman ngayong tumutukoy sa mamamayan ng bansa. | Ginamit niya ng Pilipino bilang sentro ng kaniyang mga hangarin sa bansa. Nais niyang matugunan ang problemang kinahaharap ng isang Pilipino. Ito ang tuon ng kaniyang plataporma. | Maraming usapin ang papasok pagdating sa salitang Pilipino higit lalo sa katatapos na eleksyon. Mababakas na lumabas ang iba’t ibang ugali ng bawat Pilipino dahil nagkaroon ng dibisyon o pagkakawatak-watak. Dagdag pa rito ang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | kanilang naging aksyon sa *social media* na dumating pa sa punto na nag-a-unfriend. |

Nasasalamin sa islogan ni Manny Pacquiao ang panrelihiyon at pansariling paniniwala. Taong 2014 ay nagpalit siya ng relihiyon mula Katoliko patungong *Evangelical Protestant*. Sa pagdaan ng panahon, isa na rin siyang *preacher* o mangangaral sa kanilang simbahan. Sa bawat debate na dinadaluhan ni Manny Pacquiao, lagi niyang nababanggit ang Diyos bilang sentro ng lahat ng kanyang ginagawa at desisyon sa buhay dahil naniniwala siya *Messiah complex* na may kakayahan ang isa na mailigtas ang lahat na siya ang ginamit ng Diyos upang gawin ito at ayon sa kaniya sa isang debate "kung walang Panginoon ay wala tayong magagawa." Nais nya rin patunayan na ang relihiyon at estado ay magkaugnay at parehong may malaking gampanin sa lipunan na sinusugan ni Carino (2016) sa kaniyang pag-aaral sa Diyos at Politika sa Pilipinas na batay sa kanya anomang hidwaan sa pagitan ng relihiyon at estado ay mistulang guni-guni lamang sapagkat kung tutuusin iisa ang hangarin nila: ang protektahan ang kapangyarihang kapwa nila inookupa.

Naulit ang salitang panalo sa kaniyang islogan na nagpapakita at nagpapaalala sa mga Pilipino kung paano niya ginagawang ipanalo at ipaglaban nang paulit-ulit ang kampeonato sa larangan ng *boxing* na nag-angat sa kanya para kilalanin bilang *People's Champ*. Kaya naman ito ang kanyang naging estratehiya sa paglalahad ng kanyang plataporma gamit ang kaniyang islogan.

Ginamit ni Manny Pacquiao ang kaniyang larangan sa isports at karanasan sa kahirapan bilang wika ng kaniyang pamumulitika na nasasalamin sa bawat salita sa islogan ang kwento ng kaniyang buhay bilang isang boksingero, nagdaan sa hirap ng buhay, mangangaral, at politiko sa kasalukuyan.

**Talahanayan 4. "Tayo si Isko!" ni Mayor Isko Moreno**

| **Salita** | **Teksto** (Paano nabuo, etimolohiya, kahulugan o pagdadalumat ng salita) | **Proseso** (Paano ginamit/ Interpretasyon) | **Ugnayang Panlipunan** (Paano nagkaroon ng Ugnayang Panlipunan/ Isyung Panlipunan) |
|---|---|---|---|
| **Tayo** | Nagkakaiba ang kahulugan batay sa paraan ng pagbigkas: | Ginamit ni Isko Moreno ang salitang tayo sa | Pagsasalaysay ng buhay sa Tondo ang naging salalayan ng paggamit ng |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | c. táyo - panghalip panao na ginagamit ng higit sa isang tao ang nagsasalita o sumusulat<br><br>d. tayô - tuwid na ayos ng katawan<br><br>Ginamit ang tayo bilang pagbabanggit ng isang bahagi bilang pagtukoy sa kabuuan o pagpapalit-saklaw *(synecdoche)*. | pamamagitan ng pagsasabing "Ako kayo". Ginamit niya ang ang kaniyang karanasan upang isalaysay ang buhay ng mga mamamayang Pilipino. Isa rin ito sa kaniyang *populist political stance* na pagsangkot sa sarili sa buhay ng taumbayan. | salitang "Tayo" sa islogan ni Isko. Kahirapan ang isyung panlipunan na lumilitaw rito na kaniyang ginamit bilang kalakasan. Ang pagtayo rin ni Isko bilang Yorme ng Maynila ang nagtulak sa kaniya na pasukin ang mas mataas na posisyon sa bansa. Nasasalamin din ang karanasan sa posisyon ng kasalukuyang Pangulong Duterte na mula Mayor patungo sa pagiging Pangulo. |
| **Isko** | Ang Isko ay palayaw o mula sa unang pangalan ni Isko Moreno na Francisco. Ang pagpapalayaw ay paraan ng pagiging malikhaing ng mga Pilipino at isang gawing may ugnayang pampamilya.<br><br>Isa pang kahulugan ng isko ay ang pinaikling salitang iskolar na nangangahulugang taong palaaral o tao na pantas/ paham sa anumang larangan. | Ginagmit ni Isko Moreno ang kaniyang pangalang Isko sa kaniyang islogan bilang siya ay isa rin sa simpleng mamamayang Pilipino na nakaranas na hirap ng buhay at nagpursige, nangarap, at nag-aral upang maingat ang kaniyang buhay. Kilala na rin ang pangalan niyang Isko sa industriya ng pag-arte. | Si Isko at ang iskolar, edukasyon sa isa sa mga problemang kinahaharap ng bansa. Ito ang isa sa pangunahing plataporma ni Isko Moreno, pagpapalakas ng sistema ng edukasyon sa bansa. Gayundin si Isko Moreno ay sinususugan ang mga iba't ibang pag-aaral para sa mga *skilled worker.* |

Ang pakikisangkot ni Isko Moreno sa paggamit ng panlaping "tayo" bilang isa o bahagi ng masang Pilipino ang ginawang estratehiya sa pagbuo ng kanyang islogan. Ang paggamit ng tayo at nagpapakita ng kaisahan o pagkakaisa na ayon sa pag-aaral. Ginamit niya rin ang salitang tayo bilang pantindig at representasyon ng isang mamamayang Pilipino. Mapapanood sa kanyang *political ads* ang pagsasalaysay ng kwento ng kanyang buhay na maaaring kwento rin ng isang

Volume 2 Issue No. 1 (April 2023)
ISSN: 2815-1933

Pilipino. Nabanggit dito na kung paano siya nagsimula bilang isang basurero sa edad na 10, na hindi hadlang kahirapan, na kailangan ang lakas ng loob at itatak sa isipan na "kaya ko", na nais ipabatid na kung kaya niya ay posibleng kaya rin ng bawat Pilipino. Batay rin sa dinaluhan ni Isko Moreno na CNN Presidential Debate, "Tao muna! Life and Livelihood Kayo muna! Yung maramdaman ninyo na may gobyernong kayong maaasahan, masasandalan."

Ginamit ni Isko ang kaniyang pangalan bilang isa sa mga salita sa kaniyang islogan bilang pagpapalakas ng kaniyang pangalan dahil alam niyang bago pa lamang siya sa paglilingkod sa bayan na tulad ni Pangulong Duterte na mula Mayor patungo sa pagiging Pangulo ng bansa. Ginamit niya rin ang kaniyang kwento upang ipakita sa buhay ang buhay ng isang kapwa Pilipino. Ayon na nga rin kay Mayor Isko na kayang gawin ang imposible na maging posible. Sinalaysay nya rin kung paano kabilis ang kaniyag ginawang aksyon sa Maynila upang maresolba ang problema na siya kasama siya mismo sa pagsasaayos nito. Ayon kay Clemente (2018), "Hangga't hindi sarili mismo ang tumitingin, hindi bilang tagamasid kundi bilang kasangkot ng karanasan, hangga't hindi lumulundag ang sarili, hindi pa ganap na matatawag na namimilosopiya ang tao."

**Talahanayan 5. "We Have a Leader!" ni Senator Ping Lacson**

| **Salita** | **Teksto**<br>(Paano nabuo, etimolohiya, kahulugan o pagdadalumat ng salita) | **Proseso**<br>(Paano ginamit/ Interpretasyon) | **Ugnayang Panlipunan**<br>(Paano nagkaroon ng Ugnayang Panlipunan/ Isyung Panlipunan) |
|---|---|---|---|
| **We (tayo)** | Nagkakaiba ang kahulugan batay sa paraan ng pagbigkas:<br>e. táyo - panghalip panao na ginagamit ng higit sa isang tao ang nagsasalita o sumusulat<br>f. tayô - tuwid na ayos ng katawan | Nasasalamin sa bagong islogan ni Ping Lacson ang unang islogan na KKK o Katapangan, Karanasan, Kakayahan sa kaniyang ginamit sa pangangampanya. Una ay ang "katapangan" dahil sa kaniyang pagtindig o pagtayo at pagsasabing "We Have a Leader!" na tinutukoy niya ang kaniyang sarili. | Korapsyon ang isang panlipunang isyu ang nais sugpuin ni Ping Lacson. Ayon nga sa kaniya "Ang tama, ipaglaban. Ang mali, labanan."<br>Nasasalamin din ang katapangan bilang isa sa katangian ng mga Pilipino na hindi basta-basta sumusuko sa anumang problema. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Have (mayroon)** | Ang mayroon ay nagsasaad ng isang taglay na katangian, pag-aari, pag-iral, o kalagayan. Mayroong barayti ang salitang mayroon: may at meron. | Ikalawang K ay ang “kakayahan”. Kung titignan ang mga posisyong hinawakan ni Ping Lacson, makikita na hindi siya nawala sa pamumuno o sa posisyon sa kahit iba’t ibang administrasyon. Mayroon dahil marami na siyang nagawa sa trabaho sa lehislatura tulad ng mga batas na siya ang pangunahing awtor. At siya rin ay nakahawak ng posisyon sa ehekutibo. | Ginamit ding islogan ni Ping Lacson ay “Kailangan ng bansa ng lider” na mayroon naman lider sa bansa na may kakayahan na kaniyang pinatutungkulan ang kaniyang sarili dahil sa kaniyang tagal na rin panunungkulan sa bansa. |
| **Leader (lider o pinuno)** | Ang pinuno ay ang taong may pinakamataas na tungkulin, pananagutan, at kapangyarihan sa isang pook, samahan,, at katulad, gaya ng pangulo ng bansa. Kinilala rin ito sa hukbo, taong inaasahan upang mag-utos sa iba. | Ang huling K ay “katapatan”, lider na may tapat na layunin sa panunungkulin. Kilala si Lacson sa kaniyang pagiging tapat na lider dahil hindi siya nadawit sa isyu sa pamahalaan na *pork barrel*. Tapat dahil isa siya sa tumindig upang isiwalat ang nagawang korapsyon sa pamahalaan. | Ang konteksto ng islogan ni Ping Lacson ay ang kaniyang naging karanasan sa militarya at pulisya na sa panahon ng kasalukuyang administrasyon Duterte ay nabigyan ng pansin na may malaking gampanin sa bansa. |

Pinapakita ni Ping Lacson sa kanyang unang islogan ang akronim na KKK o Katapangan, Kakayahan, Katapan na siyang nagtulak sa pagkakabuo ng kanyang bagong islogan na “We Have a Leader.” Sa pagbabalik tanaw sa kasaysayan, marahil alam ng mga Pilipino na ang KKK ay isa sa grupo na nakipaglaban sa kalayaan ng bansa na nagpapakita ng pagkakakilanlan kay Ping Lacson. Unang K o Katapangan bilang dati siyang naging PNP Chief at pagbubunyag ng mga insidente sa pamahalaan tulad ng korapsyon at pagsisingit ng budget sa mga transaksyon o proyekto sa bansa. Pangalawang K o Kakayahan na dahilan rin sa kaniyang naging mahabang karanasan sa paglilingkod sa bayan. Naranasan na ni Ping na umupo sa ehekutibo at lehislatura. At ang huling K ay Katapatan sapagkat hindi siya tumatanggap ng kahit na anong pabuya para manatiling malinis ang kaniyang pangalan sa korapsyon.

Sa mga dinaluhan ni Ping na lumalabas ang iisang tema na siya ang pinakakwalipikado sa posisyon dahil siya ay may l*eadership by principles* na katangian ng isang pinuno para ng sa gayon maging matiwasay at mahusay ang kaniyang pamumuno. Sa pag-aaral na ginawa ni Demetrio (2016) na kapag angkop ang modelo ng pamumuno ng hinihiling ng isang l*eader democracy* ay mas malaki ang tsansang malutas ang mga problema sa pulitika at magkaroon ng pagkakataong makamtan ang isang tunay at modernong demokrasya.

**Islogan bilang Protesta: Komparatibong Pagsusuri sa Islogan ng mga Politiko**

Natatangi ang tema ng bawat islogan ng mga politikong kumandidato sa katatapos na pambansang halalan ngayon taon. Iba-iba ang kanilang ginamit na paraan upang iparating sa masa ang kanilang plataporma. Ginamit nila ang wika sa islogan bilang isang simboliko ng kanilang protesta sa kasalukuyang pamahaalaan at nangyayari sa lipunan. Ang pagtingin sa islogan bilang isang simbolikong kapangayarihan ng mga politiko ay nagpapakita ng papel nito sa lipunan. Ang pagsasabing “simbolikong kapangyarihan” ay wala naman talagang kapangyarihan sa halip ay simbolikal lamang ngunit ang simbolikal na ito’y naging tiyak na kapangyarihan, kaya nagtatago ang kapangyarihan sa likod ng mga relasyon ng simbolo, tao, institusyon, at sitwasyon (Bourdieu, 1991). Ang pag-iral ng ganitong mga islogan sa panahon ngayon ay pag-iral din ng kanilang mga ideyolohiya para sa bansa. Pumapasok dito ang etnograpiya ng komunikasyon. Mahalaga sa pagtalakay sa wika bilang simbolikong kapangyarihan ang kaalaman kung sino ang nagsalita kanino, saan, kailan, at bakit. Nagsilbi itong protesta sapagkat lumilitaw sa kanilang mga islogan ang kanilang hindi ganap na kasiyahan sa ginagawa o nagawa ng kasalukuyang pamahalaan sa mga problemang panlipunan.

Mapapansin sa mga tema ng mga politiko na apat sa kanila na ginamit ang kasalukuyang kalagayan ng bansa sa pagbuo ng islogan at isa naman ang ginamit ang kaniyang sarili o pangalan upang kunin ang suporta ng masa. Pagkakaisa ang madalas na maririnig kapag narinig ang BBM, mula sa balita ni Patag (2022) sa islogan niya na sama-sama tayong babangong muli kaniyang ginamit ito dahil naniniwala sya na pagkakaisa ang unang hakbang upang makaahon sa pagkakalugmok ng bansa sa krisis na dulot pandemya. Politika at poetika ang ginamit na estratehiya ni Leni Robredo sa kaniyang islogan dahil sa tugmaan ng pantig at sa kahirapan ng bansa na batay sa papel ni Geronimo (2016) tungkol sa politika at poetika ni Nicolas Guillen na gabay ang Marxistang ideolohiya na nagsilbing paninindigan bilang manunulat na nakasasaksi sa mga panlipunang pagsasamantala at kaapihan ng kanyang mga kalahi. Wika ng relihiyon naman ang ginamit ni Manny Pacquaio dahil sa likas sa mga Pilipino ang pagiging relihiyoso na nawawala na sa panahon ngayon dahil talamak ang gumagamit ng droga, extrajudicial killing at iba pa. Sa artikulo ni Peregrino (2012) tungkol sa wika at relihiyon, may kapangyarihan ang wika upang kontrolin ang buhay ng isang mananampalataya dahil nagiging mababa ang pagtingin ng tao sa kaniyang katayauna kung ikukumpara sa banal na may katayuan. Nakikita naman ni Ping

Lacson na kailangan ng bansa ng lider na may kakayahan, karanasan, at katapatan dahil sa korupsyon sa pamahaalan, mga lider na walang alam sa paggawa ng batas, at lider na artista sa balita ni Bordey (2022) sa GMA News Online na kung hindi si Lacson ay sino pa ang maaaring maupong kandidato dahil sa kaniyang nagawang katapatan sa Pork Barrel Scam. Nag-iisa naman si Isko na naniniwala na siya ay mabuti kumpara sa iba, na siya ang sagot sa kahirapan ng bansa, siya ang tagapagtanggol, at tagapagligtas. Sa pag-aaral nina Falbo & Shepherd (1986) na ang pagiging *self-rigtheous* ay posibleng may positibo at negatibong pamamahala dahil may ilan na may malasakit sa taong kaniyang nasasakupan lamang, may ilan naman na ginamit ang posisyon para sa kapangyarihan, at may mga politiko na malawak ang kanilang pag-unawa sa pamamahala. Iisa pa rin ang layunin ng bawat islogan ng mga politiko, ito ay ang makuha ang loob o simpatya ng mga mamamayang Pilipino at makasama sa laban ng kanilang mga adboksiya.

## KONKLUSYON

May pangil ang paggamit ng wika ng politika sa pamumulitika sa panahon ng eleksyon. Taglay nito pwersa na sumasalamin sa islogan ng bawat kandidato. Isa itong kasangkapan upang makontrol ang indibidwal at panlipunang kamalayan. Kaya nitong magpakilos at manlibak ng mga taong siyang nagpapakilos sa lipunan. Lipunang puno ng pulitika saan ka man magpunta.

May malaking gampanin ang islogan sa pangangampanya. Nagbibigay ito ng lalim sa pangingilatis sa karapat-dapat na lider na iyong susuportahan. Ang pagpili sa bawat salita sa islogan ay sadya ring mahalaga dahil taglay ng bawat salita ang simbolo na siyang nagpapalakas sa kapangyarihan ng panghihikayat o pangunguha ng simpatya sa mga tao.  Sa pagdadalumat sa pag-iral ng bawat salita, mababatid ang kanilang personal na karanasan, aspektong pulitikal, kaligirang sosyo-historikal, at ugnayan sa suliraning panlipunan.

Nakapaloob sa islogan ng bawat kandidato kung paano nila ilalantad at itatago ang kanilang mga argumentong personal at pulitikal. Mababakas rin ang kanilang mga plataporma na siyang magsisilbing gabay sa pagpili ng taumbayan. Karamihan sa mga islogan ay masa ang pinatutungkulan, kung papaano ang isa ay bahagi ng kabuuan. Pandemya, korapsyon, kahirapan, at sistemang pang-edukasyon ang siyang naging tema ng bawat islogan. Mahalaga ang naging papel ng islogan sa usaping sosyo-historikal at sosyso-politikal na koteksto sapagkat nakabuo ito ng imahen bilang isang tanda na nagpapahiwatig sa mga malalalim na usapin na dapat tugunan ng bansa. Tunay na may pamumulitikang taglay ang paglalapat at pagkabit ng mga salita sa islogan, taglay nito ang kabuuang konteksto na nais ipabatid ng mga kandito upang sila ay suportahan ng mga Pilipino.

Bilang rekomendasyon, palawakin pa ang pagsasagawa ng ganitong pag-aaral gamit ang CDA sa pamamagitan ng pagdagdag ng baryabol tulad ng pagsangkot ng pananaw o diskurso ng publiko mula sa midya at pagkakaroon ng pakikisangkot ng mga kalahok.

## SANGGUNIAN

ANC 24/7. (2022, March 21). FULL: Comelec Presidential Debate 2022 | ANC. [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=QuFS1kuq29w&t=4429s

ANC 24/7. (2022, April 4). FULL: 2nd Comelec Presidential Debate 2022 | ANC. [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=r93xH8ClMJk&t=1260s

Ardales,A., Oco, N., Madula, R. (2017). Klik-suri sa online community ng mga lesbiyana sa facebook gamit ang citical discourse analysis (CDA) at natural language processing (NLP). Web. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/viewFile/5551/49_76

Bordey, H. (2022). Lacson mulls changing campaign slogan to 'We have a leader'. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/826612/lacson-mulls-changing-campaign-slogan-to-we-have-a-leader/story/

Arugay, A. (2022). Stronger social media influence in the 2022 Philippine election. ISEAS Perspective. Web. https://www.iseas.edu.sg/wp-content/uploads/2022/03/ISEAS_Perspective_2022_33.pdf

Candlin, C. N. (1995). Critical discourse analysis: the critical study of language. Longman Group Publishing. Web._ https://www.felsemiotica.com/descargas/Fairclough-Norman-Critical-Discourse- Analysis.-The-Critical-Study-of-Language.pdf

Carino, J. V. (2016). Diyos at politika sa Pilipinas: Bakit nga ba pabalik-balik ang multo sa metapisika. Hasaan: University of Santo Tomas. Web. https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo- III-2016-96-106.pdf

CNN Philippines. (2022, February 27). CNN Philippines 2022 Presidential Debate. [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=88HYDSc93wQ

Coroza, M. (2006). Ang dapat mabatid ng sinumag tutula (o magtuturo sa pagsulat ng tula). Ateneo de Manila University. Web. https://archium.ateneo.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1036&context=filipino-faculty-pubs

Demetrio, F. P. A. (2010). Ang demokratikong sistema at ang mga modelo ng pamumuno sa Pilipinas. Kritike. http://www.kritike.org/journal/issue_7/demeterio_june2010.pdf

DRPS One - Official Channel of Philippine TVCs. (2021, December 29). Bongbong Marcos Paid TV Ad 2022 30s. [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=IxJLwpUGsXo

DRPS One - Official Channel of Philippine TVCs. (2022, March 1). Robredo, Leni (Ind) Paid TV Ad March 2022 30s. [Video]. https://www.youtube.com/watch?v=IrolM-_gM-c

Falbo, T. & Shepperd, J. A. (1986). Self-righteousness: cognitive, power, and religious characteristics. *Journal of Reseach in Personality,* 20(2), 145-57 https://doi.org/10.1016/0092-6566(86)90114-5

Gime, A. & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. *International Journal of Research Studies in Education*. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5823.

Janks, H. (1997). Critical Discourse Analysis as a Research Tool, Discourse: Studies in the Cultural Politics of Education. University of the Witwatersrand, Johannesburg, South Africa. Web. https://doi.org/10.1080/0159630970180302

Lauri, M. A. (2011). Triangulation of data analysis technique. Papers on Social Representations. Web. https://www.psych.lse.ac.uk/psr/

Maringal, M. L. F., David A. P., Zamora, N. C. L. (2021). Glosaryo batay sa ponema at morpemang anyo ng salitang tadbaliks na nasa facebook. *The Normal Lights.* https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/viewFile/1737/489

Manila Bulletin Online. (2021, September 21). Manila Mayor Isko Moreno to run for president 2022. [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=bvoiS4ZilWA

Mendoza, A.M. F. (2016). #Pagbabago: klitibismo sa San Jose, Occidental Mindoro. Unibersidad ng Pilipinas – Maynila.

Patag, K. J. (2022). It's 'Unity, Unity, Unity' for UniTeam's presidential bet Marcos. Philstar. https://www.philstar.com/headlines/2022/02/09/2159653/its-unity-unity-unity-uniteams-presidential-bet-marcos

Peregrino, J. M. (2012). Wika at relihiyon, Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino (pp. 223-233). Sentro ng Wikang Filipino.

Ping Lacson. (2021, November 15). Edukasyon plus ni Ping Lacson. [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=Sned1nz4hGA

Rappler. (2022). 2022 national result for president and vice president. Web. https://ph.rappler.com/elections/2022/races/president-vice-president/official-results

SMNI News. (2022, February 15). SMNI Presidential Debate 2022. [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=n5JH5ntZr8s&t=2432s

Team Pacquiao. (2021, November 25). Manny Pacquiao 2022 PH [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=uQhriJuTUwU&t=29s